# Systematic Theology ©

Conrad Jun Tolosa
Revised July 2022

## ST502 End of the Church Age

- ***Ending at Second Coming***

Nagtapos ang unang bahagi ng sagot ng Panginoon bilang sagot sa bahagi ng tanong ng mga disciples na may kinalalaman sa pagkawasak ng templo at mga signs ng end of the age (Matthew 24:14).

Ang sinabi ng Panginoon sa susunod na verse (Matthew 23:15) ay ito: *Kapag nakita ninyo ang kaganapan ng abomination of desolation na binanggit ni Propetang Daniel, kasunod nito ay great tribulation na hindi pa nasaksihan mula simula ng mundo hanggang ngayon at hindi na mauulit pa.*

Ito ay nagkaroon ng katuparan noong 70AD nang wasakin ni Titus ang Jerusalem at ito ang naging wakas ng Jewish Age. Lilipas ang kulang-kulang sa dalawang libong taon bago ulit maging isang bayan ang Israel.

Sa pagpapatuloy ng pagsagot ng Lord, ang Kanyang mga naging pahayag ay may kinalalaman sa Kanyang second coming. Ang mga ito ay nakapaloob sa Matthew 24:23-31, kung saan ang mga sumusunod ay pinahihiwatig:

1) *Maraming huwad na Cristo at bulaang propeta ang susulpot at magpe-perform ng mga kababalaghan at milagro upang ma-deceive maski na ang elect - kung posible.*
2) *Pagkatapos na pagkatapos ng tribulation ng mga araw na iyon, ang araw ay magdidilim, ang buwan ay hindi magbibigay ng kanyang liwanag; at ang mga bituin ay malalaglag mula sa kalangitan, at ang mga kapangyarihan ng kalangitan ay mayayanig.*
3) *Sa sandaling iyon, ang sign ng Anak ng Tao ay lilitaw sa langit, at lahat ng bansa ay magluluksa.*
4) *Makikita nila ang Anak ng Tao na bumababa mula sa alapaap ng kalangitan puno ng kapangyarihan at kaluwalhatian. At tatawagin Niya ang mga anghel na bubuga ng malakas na tawag ng trumpeta, at titipunin nila ang mga hinirang mula sa lahat ng sulok ng daigdig.*

Ito ang mga signs ng end of the Church Age at ng pagbabalik ni Cristo. Ang gagawing pagtipon ng mga hinirang mula sa lahat ng sulok ng daigdig ay ang end of the Church Age na susundan ng second coming of the Lord.

Ang gathering ng mga Jews during that day of Pentecost after the Lord ascended to heaven and when the outpouring of the Holy Spirit occurred was the day the Church was born. Ang gathering ng mga hinirang just before the Lord comes again ay ang <u>end of the Church Age</u>. Ito ang ibig sabihin ng iglesya – ang gathering, ang assemblying, ang being called out from the world to be with the Lord, in spirit and truth.

Ang pagdami ng mga false messiah at false prophets at iba't ibang clase ng tribulation ay hindi na bagong kaganapan kaya hindi na masyadong binigyang pansin ng mga end- time watchers. Instead, ang kanilang focus ay ang number 2 - *Ang araw ay magdidilim, ang buwan ay hindi magbibigay ng kanyang liwanag; at ang mga bituin ay malalaglag mula sa kalangitan, at ang mga kapangyarihan ng kalangitan ay mayayanig.*

Hindi na kailangan na mag-speculate pa patungkol sa signs 3 and 4 matapos matupad ang sign 2 dahil walang ng oras at obvious na na hindi na magtatagal at magaganap na ang pinakahihintay ng bawat mananampalataya – ang muling pagbabalik ng Panginoong Jesus.

- ***Mga Huling Araw***

Sa kanyang ikalawang liham, sinabi ni Paul kay Timothy na magiging mapanganib ang mga huling araw. Ang mga tao ay magiging mga makasarili, sakim, palalo, walang modo, suwail sa magulang, inggrato, bastos, hindi natural ang pagmamahalan, taksil, mapagbintang, walang pagpipigil, mabangis, galit sa mga makadiyos, makamundo, kasama sa mga relihiyong walang saysay (2 Timothy 3:1-5). Ang ganitong clase ng pamumuhay ang magpapaalala sa atin ng panahon ni Noah nang sabihin ng Lord na wala nang inisip ang mga tao sa mundo kundi patuloy na kasamaan lamang (Genesis 6:5). Ibig sabihin, ang sinasabi ni Paul kay Timothy ay papunta sa kalagayan ng Genesis 6:5 ang mga huling araw.

Sa kanya namang liham sa mga taga-Roma, ipinaliwanag ni Apostol Pablo nang ganito kung paano humahantong sa sukdulang kasamaan ang mga tao (Romans 1:8, 24-32): Kapag ayaw papigil at makinig sa katotohanan ang tao, bagkos ay inaaprubahan pa niya ang kasalanan at hinahadlangan ang paggabay ng katotohanan, pinababayaan sila ng Diyos sa mga pagnanasa ng kanilang mga puso sa karumihan, sa kawalanghiyaan ng kanilang mga sariling katawan sapagkat pinagpapalit nila ang katotohanan tungkol sa Diyos sa kasinungalingan at sinasamba at pinaglilingkuran nila ang nilikha kaysa sa Lumikha.

Sa kadahilanang ito, pinababayaan sila ng Diyos sa kanilang mga karumal-dumal na naisin. Pinagpapalit ng kanilang mga kababaihan ang pakikipag-relasyon sa hindi ayon sa kalikasan; at gayon din ang mga kalalakihan na bumibigay sa kahiya-hiyang pakikipag-relasyon sa kapwa lalaki. Tanggap nila ang kalakip na parusa sa kanilang kamalian.

At sapagkat hindi nila tinatanggap na karapat-dapat kilalanin ang Diyos, hinahayaan sila ng Diyos sa kanilang sirang pag-iisip. Napupuno ang kanilang ulo ng lahat ng uri ng karimlan. Kahit alam nila ang matuwid na kautusan ng Diyos, hindi lamang nila ito sinusuway bagkos ay naglalaan pa sila ng pagsang-ayon sa mga nakakasuklam na gawaing ito.

Ang kalagayang ito ay mapagmamasdan sa lipunan ng panahon ni Lot sa Sodom at Gomorah. Winasak ng galit ng Diyos ang dalawang siyudad na ito sa pamamagitan ng apoy at brimstone.

- ***Ang Gathering or Rapture***

Ang gagawing pag-gather ng mga anghel sa mga buhay na mananampalataya sa araw ng pagbabalik ni Cristo ay popularly known as *Rapture*. Ang ibig sabihin ng salitang ginamit dito ay *pagdagit* o *to snatch away*.

Mayroong at least apat na bahagi ng Scripture ang tumutukoy sa event na ito:

> 1 Thessalonians 4:15-17. *Ayon mismo sa salita ng Lord, tayong mga buhay pa na naiwan habang hindi pa bumabalik ang Lord, ay siguradong hindi mauuna sa mga natulog na. Ang Lord mismo ay bababa mula sa langit, kasabay ang malakas na utos, kasama ang boses ng archangel at ang tawag ng trumpeta ng Diyos, at ang mga patay kay Cristo ang mauunang umangat. Pagkatapos ay tayo namang buhay pa at naiwan ay titipunin pataas upang makasama silang nasa alapaap na upang katagpuin ang Lord sa himpapawid. Kaya nga, makakasama natin ang Lord magpakailan pa man.*

Matthew 24:31. *Makikita nila ang Anak ng Tao na bumababa mula sa alapaap ng kalangitan puno ng kapangyarihan at kaluwalhatian. At tatawagin Niya ang mga anghel na bubuga ng malakas na tawag ng tumpeta, at titipunin nila ang mga hinirang mula sa lahat ng sulok ng daigdig.*

1 Corinthians 15:51-53. *Sasabihin ko sa inyo ang isang hiwaga: Lahat tayo ay hindi matutulog, subalit lahat tayo ay mababago – sa isang kisap mata, sa huling trumpeta. Sapagkat ang trumpeta ay tutunog; ang mga patay ay ibabangon na walang pagkabulok, at tayo ay babaguhin. Dahil ang nabubulok ay dapat damitan ng di-nabubulok at ang mortal ng di-namamatay.*

1 John 3:2. *Mga minamahal na kaibigan, ngayong tayo ay mga anak ng Diyos, at kung ano tayo magiging katulad ay hindi pa pinaaalam. Subalit alam natin na kapag dumating na Siya, tayo ay magiging katulad Niya, sapagkat makikita natin Siya sa Kanyang katunayan.*

Ayon sa mga talatang ito, pagbalik ni Cristo, 1) ang mga natutulog kay Cristo ay ibabangon at sa isang kisap-mata ang katawan nilang nabubulok ay ibabangon na hindi na nabubulok, 2) iga-gather ng anghel sa sandaling iyon ang mga buhay na mananampalataya mula sa lahat ng sulok ng daigdig at sila ay dadalin pataas upang makipagkita sa Panginoon sa alapaap at sila sa isang kisap-mata ay mababago mula sa pagiging mortal sa pagiging immortal, 3) ang wangis nating mga anak ng Diyos ay magiging tulad na ng kay Cristo.

***I. Multiple Choice***

1. Ang katapusan ng Jewish Age ay nang
   a. Wasakin ni Herod ang templo
   b. Wasakin ni Titus ang Jerusalem
   c. Lusubin ng mga Romano ang mga Hudyo

2. Kailan ipinanganak ang Church?
   a. Nang magpulong na ang lahat ng mga mananampalataya
   b. Nang mapuspos ng Holy Spirit ang mga disciples at sila ay nangaral
   c. Ang pagpupulong ng mga hinirang bago dumating si Cristo

3. Ang end of the Church Age ay kapag nag-gather na ang lahat ng mga hinirang bago dumating ang Panginoong Jesus.
   a. True
   b. False

4. Ano ang ibig sabihin ng iglesya?
   a. Lugar na pinagpupulungan
   b. Gathering of those called out from the world to be with the Lord
   c. Pagsasama-sama ng mga believers sa loob ng church building

5. Ayon sa 2 Timothy 3, alin sa mga pangungusap ang tama?
   a. Sa mga huling araw, ang mga mananampalataya ay sumasamba pa rin kay Cristo
   b. Sa mga huling araw, ng mga tao ay magiging makasarili, sakim, suwail sa magulang, bastos, etc.
   c. Sa mga huling araw, ang mga tao ay magkakaroon ng pagpapahalaga sa kapwa at sa buhay.

6. Ang mga nakasaad sa Romans 1:8, 24-32 ay tunay na nangyayari sa ating panahon ngayon.
   a. True
   b. False

7. Ang paggather ng mga anghel sa mga buhay na mananampalataya sa araw ng pagbabalik ni Cristo ay tinatawag na
   a. Assembly
   b. Capture
   c. Rapture
8. Sa 1 Thessalonians 4:15-17, sinasabi na kapag bumaba na ang Lord mula sa langit
   a. ang mga buhay pa ay kukunin na Niya agad
   b. ang mga patay kay Cristo ay mauunang umangat
   c. ang mga buhay at mga patay ay sabay-sabay na magkikita sa alapaap

9. Ayon sa Matthew 24:31, ang ating mga katawan ay mapapalitan ng di-nabubulok at di-namamatay na katawan.
   a. True
   b. False

10. Isang bagay ang makasisiguro tayo kapag dumating si Cristo, tayo ay magiging katulad Niya.
   a. True
   b. False

© Revised July 2022 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation Inc.